# ARALING PANLIPUNAN 4
## Ikaapat na Markahang Pagsusulit
SY 2024-2025

Pangalan:________________________ Petsa:________________________
Guro:__________________________Baitang/Pangkat:_________________

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

______ 1. Kailan opisyal na isinapubliko ang watawat ng Pilipinas?

A. Hunyo 10,1861 C. Hunyo 20, 1899
B. Hunyo 12, 1898 D. Hunyo 29, 1900

______ 2. Sinong pangulo ang nag-utos na baguhin ang kasalukuyang disenyo ng watawat ng Pilipinas?

A. Emilio Aguinaldo C. Manuel Roxas
B. Manuel Quezon D. Elpidio Quirino

______ 3.Alin sa mga pagpipilian nakasaad ang Pagkamamamayang Pilipino?

A. Bibliya C. Diksyunaryo
B. Artikulo D. Saligang Batas

______ 4. Ano ang tawag sa prinsipyo ng pagkamamamayan na naaayon sa dugo o pagkamamayan ng mga magulang o isa man sa kanila?

A. Jus Soli C. Naturalisasyon
B. Jus Sanguinis D. Dual Citizenship

______ 5. Anong karapatan ang may kinalaman sa ikabubuhay ng tao?

A. karapatang sibil
B. karapatang panlipunan
C. karapatang pangmamimili

D. karapatang pangkabuhayan

______ 6. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng tungkulin ng mga mamamayan na maging tapat sa sariling bansa?

A. Paggalang sa sarili
C. Pagkakaroon ng edukasyon.
B. Pagbibigay ng tulong sa kapuwa.
D. Pagpupugay sa watawat ng Pilipinas

______ 7. Aling tungkulin ang ipinakikita sa pagtawid sa tamang tawiran?

A. pagiging tapat sa ating bayan
B. paglinang sa angking talino at kakayahan
C. paglilingkod at pagtataguyod sa kaunlaran ng bansa
D. pagsunod sa mga batas at paggalang sa mga awtoridad

______ 8. Alin sa sumusunod ang kahulugan ng kagalingang pansibiko?

A. Pamumuno sa mga gawaing nagpapakita ng pagtulong sa kapuwa at pagpapabuti ng komunidad tungo sa kaunlaran.
B. Pagiging magaling sa pagpapamalas ng angking talino at talento para sa kapakanan ng kapuwa at komunidad.
C. Paghahandog ng anumang mayroon para sa kapuwa na nagdudulot ng mabuting ugnayan sa mga taong kasangkot sa gawain.
D. Pagiging handa at pagnanais ng isang mamamayan na umako ng responsibilidad na makagawa ng bagay na ikabubuti ng kaniyang kapwa.

______ 9. Ano-ano ang mga katangian ng mamamayang namumuhay sa lipunang may kagalingang pansibiko?

A. maasikaso, matiyaga, may pananampalataya sa Diyos
B. matiwasay, may malasakit sa kapuwa, at may ambag sa kaunlaran
C. masipag, may malasakit sa kapuwa, at may pangarap sa buhay
D. mapamaraan, malikhain, at may pagsisikap na makamit ang nais

______ 10. Aling pagkilos ang nagpapakita ng pagtugon at pakikiisa sa mga gawain ng komunidad?

A. pagsali sa pagtatanim ng mga bagong binhi
B. pag-iwas sa paggamit ng mga supot na plastik
C. paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok
D. paglikha ng mga tula na tumatalakay sa usaping panlipunan

______ 11. Ano ang dapat gawin ng isang mamamayan upang maging kapaki-pakinabang sa mga gawain para sa komunidad?

A. sumunod sa mga batas at alituntunin ng komunidad
B. paunlarin ang sariling pagkatao, kakayahan at talino
C. pansinin ang mga hindi magandang nakikita sa lugar
D. makibahagi sa mga pagdiriwang na gaganapin sa lugar

______ 12. Ano ang katangian ng mamamayang may kagalingang pansibiko at may lakas ng loob na gawin ang isang bagay?

A. May tiwala sa sarili
B. Inuunawa ang kapwa
C. May pagkukusang tumulong
D. Nakikibahagi sa gawain sa komunidad

________13. Ang pambansang awit ng Pilipinas ay isinalin sa wikang Filipino noong 1940, alin sa sumusunod ang naging pamagat nito?

A. "Philippine Hymn"
B. "Lupang Hinirang"
C. "O Sintang Lupa"
D. "Marcha Nacional Filipina"

________14. Ano ang sinasagisag ng tatlong bituin sa watawat ng Pilipinas?

A. hari ng kapaskuhan
B. sangay ng pamahalaan
C. sina Gomez, Burgos, at Zamora
D. pangunahing pangkat ng mga pulo

________15. Ano ang kumakatawan sa bughaw na bahagi ng ating watawat?

A. katapangan C. kalinisan

B. katarungan B. kapayapaan

______ 16. Kapag nakabaliktad ang pagkakasabit ng watawat, ito ay nangangahulugan na __________.

A. nasa digmaan ang bansa
B. mali ang pagkakalagay nito
C. talo sa palakasan ang bansa.
D. may di-pagkakaintindihan sa pamahalaan.

______ 17. Ano ang tawag sa mga taong nabibilang sa isang komunidad na kumikilala sa mga batas ng pamahalaan?

A. mga pinuno C. mga mamamayan
B. pangkat etniko D. mga mambabatas

______ 18. Alin sa sumusunod ang legal na paraan na kung saan ang isang dayuhan na nais maging mamamayan ng isang bansa ay sasailalim sa isang proseso ng korte o hukuman?

A. Jus Soli C. Naturalisasyon
B. Jus Sanguinis D. Dual Citizenship

______ 19. Isa sa mga katangian ng isang dayuhan upang maging naturalisadong Pilipino ay ang paninirahan ng tuloy-tuloy sa Pilipinas sa loob ng sampung taon. Kailan ito maaaring mapaikli ng limang taon?

A. Kung ang isang dayuhan ay mayaman.
B. Kung ang isang dayuhan ay tanyag sa kaniyang bansa.
C. Kung ang isang dayuhan ay nakapag-asawa ng isang Pilipino.
D. Kung ang isang dayuhan ay may kilalang mataas na opisyal sa Pilipinas.

______ 20. Ayon sa Artikulo IV, Seksyon 1 ng Saligang Batas ng 1987, sino-sino ang maitututuring na mamamayang Pilipino?

I. Ang ama o ina ay mamamayang Pilipino.
II. Ang mga magulang ay parehong dayuhan.
III. Isa sa mga magulang ay may dugong Pilipino.

IV. Mga dayuhang nagpasiyang maging mamamayang Pilipino ayon sa batas naturalisasyon.

A. I at III
C. II, III at IV
B. I, III at IV
D. I, II, III at IV

______ 21. Aling salita ang tumutukoy sa mga bagay o kalagayan na dapat ay mayroon tayo upang makapamuhay nang malaya, mapayapa, at masaya?

A. karapatan
C. pananagutan
B. layunin
D. tungkulin

______ 22. Si Nicolas ay walang lisensiya sa pagmamaneho ng motorsiklo subalit patuloy siyang gumagamit nito sa kalsada. Alin sa sumusunod na tungkulin ang nilalabag niya?

A. Sumunod sa batas
B. Maglingkod sa bayan
C. Protektahan ang kapaligiran
D. Kilalanin ang karapatan ng iba

______ 23. Si Nika ay nakaisip ng magandang paraan para makatulong na mabawasan ang basura sa kanilang komunidad. Sa halip na ibahagi ito sa pinuno ng kanilang komunidad ay itinago na lamang niya ang kanyang ideya. Anong tungkulin ang hindi niya nagampanan?

A. Tumulong sa kapwa
B. Maglingkod ng may kabayaran
C. Sumunod sa batas ng recycling
D. Makapag-ambag sa kaunlaran ng bansa

______ 24. Aling gawain ang nagpapakita ng pagbabahagi ng talino at talento?

A. Pagsali sa pagtatanim ng mga bagong binhi.
B. Paglilinis lagi ng kapaligiran lalo na ng sariling lugar.
C. Paglahok sa mga palaro para makaiwas sa bisyo ang mga kabataan.

D. Pagguhit ng larawan na nanghihikayat sa mga kasapi ng komunidad na makiisa sa proyekto.

______ 25. Alin sa mga katangian ng isang mamamayang may kagalingang pansibiko ang nagpapakita ng lakas ng loob na gawin ang isang bagay?

A. may tiwala sa sarili
B. may pagkukusang tumulong
C. may pagkilala sa sariling kakayahan
D. tinatanggap at inuunawa ang kapwa

______ 26. Alin sa sumusunod na mga gawain ang nagsusulong ng kagalingang pansibiko na kayang gawin ng bata?

A. Pagtulong sa matanda na tumatawid sa kalsada.
B. Pagsali sa malawakang protesta laban sa pamahalaan.
C. Pagbibigay ng tulong pinansiyal sa matalinong mag-aaral.
D. Pangangampanya para sa malinis at matapat na halalan

_____ 27. Ang sumusunod ay nagpapakita ng kahalagahan ng kagalingang pansibiko dahil tinitiyak nitong ang bawat mamamayan ay nabubuhay nang matiwasay at payapa **MALIBAN** sa isa. Alin ito?

A. Mapahusay ang kalagayan ng lahat.
B. Paglingkuran ay ang pamilya lamang.
C. Ang bawat isa ay handa sa pagtulong at paglilingkod.
D. Makapaglingkod sa kapwa ng walang hinihintay na kapalit.

______ 28. Ang sumusunod ay mga epektong naidudulot ng gawaing pansibiko maliban sa isa, alin ito ?

A. Mas mapapabilis ang pag-abot ng tulong.
B. Madaliang pagtugon sa mga nangangailangan.
C. Pangmatagalang epekto ng mga gawain at proyekto.
D. Nakakapamili ng mga mamamayang nais bigyan ng tulong.

______ 29. Bilang isang mag - aaral, paano mo maipapakita ang paggalang sa watawat?

A. Gawing laruan ang watawat.

B. Palitan ang liriko ng Lupang Hinirang habang inaawit
C. Makipag usap sa katabi habang inaawit ang Lupang Hinirang.
D. Tumayo ng tuwid, tumingin sa watawat, ilagay ang kanang kamay sa kaliwang dibdib at sumabay sa pag-awit ng Lupang Hinirang.

______ 30. Napadaan ka sa isang paaralan at nakita mo na hinihila at pinaglalaruan ng mga bata ang watawat. Ano ang gagawin mo?

A. Huwag na lamang pansinin
B. Makisali sa laro ng mga bata.
C. Hayaan ang mga bata na paglaruan ito.
D. Kausapin ang mga bata at sabihin na huwag itong paglaruan.

______ 31. Sino sa mga sumusunod ang maitututuring na mamamayang Pilipino?

A. Si Ana na ang mga magulang ay parehong Amerikano.
B. Si Arnold na naglingkod sa sandatahang lakas ng Amerika.
C. Si Jose na ang nanay ay isang Mangyan at ang tatay ay isang Ilokano.
D. Si Sandy na ang mga magulang ay Koreano, ngunit may negosyo sa Pilipinas.

______ 32. Sa mga sumusunod na programa ng paaralan, alin ang dapat mong suportahan upang mapalakas ang nasyonalismo o pagkamamamayan?

A. Paglilinis ng paaralan
B. Pakikilahok sa mga patimpalak
C. Pagpapalaganap ng kulturang Pilipino sa paaralan
D. Pag-aaral nang mabuti upang makakuha ng mataas na marka

______ 33. Si Clara ay isang manggagawa sa pabrika ng sapatos. Siya ay nagtatrabaho ng mahigit 12 oras kada araw sa mababang sahod at walang overtime pay. Anong karapatan ang nilabag ng may ari ?

A. Karapatang Politikal
B. Karapatang Panlipunan
C. Karapatang Pangkabuhayan

D. Karapatang Pangkalusugan

______ 34. Sa iyong palagay ano ang pangunahing dahilan kung bakit dapat gampanan ng mga mamamayan ang kanilang mga tungkulin?

A.Magkaroon ng katuparan ang batas.
B.Magkaroon tayo ng maraming kaibigan.
C. Magkaroon tayo ng mas maraming yaman ang mga tao.
D. Magkaroon ng kaayusan, katahimikan, at kaunlaran ang mga tao.

______ 35. Bakit masasabing nagmumula sa puso at hindi napipilitan lamang ang pagtulong na ginagawa ng isang mamamayang may kagalingang pansibiko?

A. May pagkukusa siyang tumulong.
B. May pagkilala siya sa sariling kakayahan.
C. Tinatanggap at inuunawa niya ang kapuwa.
D. Nakikibahagi siya sa gawaing nakabubuti sa kapuwa.

______ 36. Paano maipakikita ng isang mamamayang may kagalingang pansibiko ang pagiging laging handang dumamay at maaasahan sa panahon ng kagipitan?

A. Magkaroon ng tiwala sa sarili.
B. Tumulong nang may pagkukusa.
C. Kilalanin ang sariling kakayahan.
D. Tanggapin at unawain ang kapwa.

______ 37. Gumagawa si Ara ng mga flowerpots mula sa plastik para mabawasan ang basura sa inyong lugar. Ngunit pinagtatawanan siya ng mga kalaro mo. Ano ang maaari mong gawin?

A. Pagtawanan din ang ginagawa ni Lota.
B. Hayaan na lang si Ara sa kanyang ginagawa.
C. Ipaliwanag ang mabuting epekto ng pagreresiklo.
D. Ipagpatuloy ang pakikipaglaro kasama ang mga kaibigan.

______38. Nakita mong tulong tulong sa paglilinis ng kanal ang mga kabataan para mapuksa ang mga lamok na nagdadala ng dengue. Ano ang maaari mong gawin?

A. Kunin ang aklat at magkunwaring nagbabasa.
B. Tingnan kung maayos ang pagkakalinis nila ng kanal.
C. Tawagin ang mga kalaro at tumulong din sa paglilinis.
D. Magkunwaring walang nakita at umuwi na lang sa bahay.

______39. Nagbebenta ng tiket para sa "benefit show" ang ate mo at mga kasamahan nito. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong?

A. Pipigilan ko ang ate na magbenta nito.
BHahayaan ko na lang sina ate na gawin ito.
C. Sasamahan ko si ate sa pagbebenta ng tiket.
D. Makikipaglaro na lang ako sa mga kapitbahay.

______40. Ang mga sumusunod ay papel na ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtataguyod ng karapatan at tungkulin para sa pagtatamo ng kagalingang pansibiko maliban sa isa, alin ito?

A. Tinatanggap ang responsibilidad na ibinibigay sa iyo.
B. Pinauunlad ang sariling pagkatao, kakayahan at talino.
C. Sumusunod sa mga batas at alituntunin ng komunidad.
D. Hindi paglahok sa mga gawaing nakatutulong sa pag-unlad.